ISSN: 2546-0536

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

Mail Permit No. 2C-17-05-533
Office of Entry: Bacoor City, Cavite
Entered as 1st Class

Taon 3 • Blg. 52 Mayo 6-12, 2019 • P10.00



p. 8

MAS SUMASARAP ANG PAKIRAMDAM NI KIM DOMINGO

# SECURITY PREPARATIONS FOR MAY 13 POLLS 'ALL SET': PNP

pahina 2

## CAVITE TOWN BARES 10 DRUG-CLEARED VILLAGES

p. 11

## PROFESSIONAL SHARED WORK SPACE OFFERED IN CAVITE

pahina 5

## MPDPC OUTREACH PROGRAM AND CLEAN-UP DRIVE SA ZAMBALES, TAGUMPAY

pahina 12

## MGA HEALTH WORKERS SA CALABARZON, SINANAY SA PAGTUROK NG INSULIN

pahina 4

ACCEPTING ADS, PLEASE CONTACT: 0977-7844136 / 0929-8127638

HANEP
Basahin Mo Ito!

Mayo 6-12, 2019

# SECURITY PREPARATIONS FOR MAY 13 POLLS 'ALL SET': PNP

**MANILA — More than a week before the campaign period wraps up, the Philippine National Police (PNP) said security measures are all set as 160,000 police personnel will be deployed for the May 13 mid-term elections.**

Col. Bernard Banac, PNP spokesperson, said the police force will remain on full alert status which took effect before the beginning of the Holy Week in April.

The number of police personnel was initially pegged at 143,000 but was eventually raised to further boost the peace and order management before, during and even after the Election Day.

"The PNP remains in full alert and increased the deployment of cops to 160,000 personnel as we assure the public that focused operation will be more active and intensified campaign against PAGS criminal gangs, wanted persons, gun for hire groups, and loose firearms and violation of Comelec (Commission on Elections) gun ban through service of warrant of arrest and implementation of search warrants, checkpoints operations, police patrol response, 'Oplan Sita' and 'Oplan Galugad' as well as HVTs (high value targets) in illegal drugs," Banac told reporters in a press conference on Thursday.

Despite the increase of police deployment, Banac reiterated the PNP is yet to monitor any threats for the upcoming elections.

"We have not monitored any threats on the elections so far. We want to ensure no untoward incident will take place," Banac said.

PNP chief, Gen. Oscar Albayalde earlier reminded police officers to stay neutral and non-partisan in the conduct of elections.

He said the only role of police officers in the upcoming elections is to ensure peace and security, especially in election hotspots.

For his part, Department of Interior and Local Government (DILG) spokesperson, Undersecretary Jonathan Malaya, said the Bureau of Jail Management and Penology (BJMP) is also ready to assist the more than 44,000 persons deprived of Liberty (PDLs) in the city, district, and municipal jails in the country exercise to right of suffrage on May 13.

Malaya also said the DILG is one with Commission on Election (Comelec) in encouraging Filipinos to go out and exercise their right to vote.

"Indeed, change is within our hands. Nasa kamay na po ng mga mamamayang Pilipino ang pagpili ng mga kandidato (It is up for the Filipinos to choose candidates) (whom) they believe will usher the nation to inclusive change to achieve (our ambition of a prosperous and peaceful life for everyone). Huwag natin sayangin ang pagkakataong (ito) at lalong huwag po tayong pumayag sa vote-buying at vote-selling na ginagawa ng mga hindi matitinong kandidato. (Let's not waste this chance and let's not allow vote-buying and vote-selling perpetrated by deceitful candidates)," Malaya said. ***(PNA)***






PCLEDO'S BIZ iCREATE PROGRAM DEVELOPS ENTREPRENEURIAL SKILLS: Cavite Provincial Cooperative, Livelihood and Entrepreneurial Development Office (PCLEDO) continues to educate and equip aspiring entrepreneurs with proper knowledge as it facilitated Session 3 of BIZ iCREATE – Cavite's Responsible Entrepreneurs Aiming Toward Economic Sustainability program on April 30, 2019 at PCLEDO Training Area, CaCoDeC in Trece Martires City. DLSU-Dasmariñas Graduate School of Business Professor, Dr. Aldrin Antivola continued the discussion on Entrepreneurial Skills Development (Part 2) to twenty entrepreneur partakers. The topic dealt with operational, human resource, financial and cash flow management, communication skills, and legal aspect which can provide a significant impact on the growth and success of managing a business. He also stressed out the relevance of satisfying the needs and wants of the target market. Last two sessions which will cover the topic of Strategic Business Plan and Business Plan Preparation are scheduled on May 2 and 28, 2019, respectively. — (PICAD)

# No pre-shaded ballots for May 13 polls: Comelec

**MANILA —** An official of the Commission on Elections (Comelec) on Thursday said there is no truth to allegations that official ballots for the May 13 mid-term elections have been pre-shaded.

Comelec Executive Director Jose Tolentino Jr. denied claims that the ballots have been marked using ultraviolet (UV) inks, making them invisible to the naked eye.

"We tested. The marks using UV inks weren't read by the VCM, which looks for a black ink or those that are always visible so to speak," he said in a press briefing.

Tolentino said there is a video circulating on social media, claiming that the ballots were marked by UV inks, making them pre-shaded but hidden.

The video also alleged that the hidden marks can only be seen using UV lamps.

"The ballots have QR codes, serial number, and precinct assignment. It was obviously a staged video because it doesn't have those features. It was a waste because they already staged a video yet they used the wrong ballot prop," Tolentino said.

He noted that those behind such activities will be held accountable.

"Once we know who they are, yes, of course," the Comelec official added.

Meanwhile, Tolentino said the three source codes of the remaining components of the automated election system (AES) have been deposited in escrow with the Bangko Sentral ng Pilipinas, as required by the Poll Automation Law.

The codes are the Operating System (OS) image rebuild for the Consolidation and Canvassing System (CCS), Transmission Router, and the Domain Name Server (DNS) Janitor.

"To be escrowed are the remaining source codes that were reviewed and certified by our international certification entity and were also reviewed by our local source code reviewers," he said.

"No one have found or said that they found that there is any malicious code embedded in the source codes," Tolentino added.

The source codes for the Election Management System, CCS, and the vote counting machines were first deposited last February. ***(PNA)***

# NPC scores media orgs with 'foreign funding'

**GENERAL TRIAS CITY, Cavite -** Hundreds of job seekers trooped on Thursday to the Robinson's Place activity center in Barangay Tejero here for a post-Labor Day Job Fair organized by the city government.

In an interview with PNA, GenTri Public Employment Service Office (PESO) head Ariel Mugol said the "My Ony and Only Job Fair" was organized to extend as much assistance as possible to those seeking domestic and overseas employment.

"Ang Job Fair na ito ay para sa mga kakabayan natin dito sa Lungsod ng GenTri, upang tayo po mabigyan ng mas magandang job opportunity sa mga nangangailangan ng trabaho dito sa bansa at sa abroad (this Job Fair is meant for our GenTri City constituents, to offer them more opportunities especially on those seeking for jobs here and abroad)," Mugol said.

He said around 35 local companies and 10 overseas agencies joined this year's job caravan, that targets residents not only of GenTri but also of nearby communities.

The job fair has also drawn the participation of government agencies like SSS, Phil Health, Philippine Statistic Agency (PSA) and Pag-Ibig Fund, ready to facilitate the documentary requirements of applicants.

According to Mugol, the PESO and the city government also conducted free livelihood and skills training program in cooperation with the local social welfare and development office.

GenTri PESO's job training program in partnership with Job Start Philippines has enlisted the first batch of 100 enrollees for the 10-day training program which will commence on May 6 and culminate on May 20.

"The training aims to equip the participants with skills and technics on the preparation of formal resumé or curriculum vitae and the techniques on applying for a job," Mugol said.

The trainees will also receive a PHP 200 allowance as well as free meals.

# Job seekers swarm GenTri Job Fair 2019

**MANILA —** The National Press Club of the Philippines, on the eve of World Press Freedom Day, criticized media outfits and organizations for allegedly receiving foreign funding for operations.

"And here, we are referring to the fact that for many years now, other media organizations are directly receiving from foreign sources to fund their activities, particularly from front organizations identified with the United States' Central Intelligence Agency and from non-government organizations based in Europe," NPC said in a statement Thursday.

Citing "available facts", the group named five media outfits "as direct beneficiaries of foreign largesse running in the millions of pesos each year."

"The issue of legality and constitutionality of such sordid practices aside, they are ethically indefensible and

All graduates in the training program have been guaranteed employment by two companies based in this city. ***(PNA)***

morally reprehensible," it stressed.

The NPC also accused the groups of committing "the worst form of corruption when they started accepting what amounts to as bribe money from foreign interests."

"The result is a people divided, a government unable to focus on its job of good governance and a profession — our profession — fast losing its credibility and standing as a pillar of our democracy."

Asked for the basis of their accusations, Paul Gutierrez, NPC vice chairman said: "Actually we were intrigued by, una 'yong mga column niBobi Tiglao then sumunod may nilabas (doon sa) Thinking Pinoy. Ako on my part personally, titingnan ko rin mismo 'yong website na pinagsasabi niya and it appears there."

Hours before the statement's release, one of the organizations identified to have received foreign money underscored that the Constitution only bans foreign ownership, not funding. ***(PNA)***

# USAP LANG

**JUNE BILLONES**
**0929-8127638**

## Kandidato sa vote buying, 'wag tangkilikin

**ISINAGAWA** ang absentee voting sa mga pulis sa Kalakhang Maynila nitong nakaraang Abril 29 hanggang Mayo 1.

Tama lamang dahil nakakalimot na ang ating mga pulis sa kanilang karapatan.

Ang karapatang iyon kung tutuusin ay hindi naman nakakaligtaan ng mga pulis kaya nga lamang ay labis na silang abala sa panahon mismo ng halalan para sa pagpapatupad ng seguridad.

Bilang mga pulis, sana nga lamang ay hindi nababahiran ang kanilang uniporme sa pagkiling sa mga pulitiko.

Sa Metro Manila ay may inilatag na si National Capital Region Police Office (NCRPO) chief PMGen. Guillermo Eleazar na mga security measures para sa darating na eleksiyon.

Hangad ng NCRPO na maging maayos at mapayapa ang 2019 midterm elections.

Nasa 15,000 kapulisan ang ipapakalat sa Metro Manila sa halalan bilang tugon sa peace and order.

Hindi lamang ang area ng Kalakhang Maynila, maging ang lahat ng panig ng bansa ay alerto at nakatutok ang ating kapulisan sa papalapit na halalan.

Pero kahit tayo bilang isang indibidwal ay mayroong dapat taglaying police power.

Kung may makikita o mapapansing iregularidad sa mismong eleksiyon ay pairalin ang ating karapatan at tungkulin.

Ang problema nga lamang ay hindi maiaalis na makaramdam ng takot.

Natural na ang maaaring tatakbuhan at pagsusumbunga ay ang mga pulis.

Kaya nga dapat ay nasa gitna o neutral lamang ang ating mga pulis.

Baka naman hihingan sila ng tulong pero ningaskugon lamang dahil sa may kinakampihang pulitiko o kandidato.

Uulitin natin, hindi dapat ibuhos ang ating sarili sa sino mang kandidato dahil alam naman ng lahat na sa larangan ng pulitika ay walang permanenteng kaaway at walang permanenteng kaibigan.

Ang permanente lamang sa pulitko ay ang kanilang mga interes.

Kaya kung may magbabayad sa inyo, kunin lamang ang pera subalit ang iboto ay iyong alam ninyong karapat-dapat na kandidato.

Kalokohan lamang na sasabihan kayo ng mga ganitong klase ng kandidato na malalaman niya o nila kung siya o sila ba ay inyong ibinoto.

Huwag tangkilikin ang mga kandidatong nagsasagawa ng vote buying.

Kunin ang pera at hayaang kayo naman ang makagulang o makaisa sa kanila.




The Provincial Advisory Committee (PAC) thru the Provincial Social Welfare and Development Office in coordination with the Department of Social Welfare and Development Office (DSWD) IV – A, held a Lakbay Aral to DSWD implemented programs and services in the localities of Magallanes and Alfonso, Cavite on April 24, 2019. The objective of the activity is to provide learnings on the implementation of anti-poverty programs of DSWD to Pantawid beneficiaries in the abovementioned municipalities. Among the areas visited in Magallanes were the Kabulusan Community Store, with 24 members; San Sebastian Hog-Raising Project with 24 members; Baliwag Community Store with 25 members; Pacheco Water Refilling Station with 65 members and Bigasan sa Pacheco with 24 members. The team also visited the Angat Kababaihan ng Alfonso in Brgy. Taywanak Ilaya, Alfonso, Cavite with 46 members. The said cluster is under the Sustainable Livelihood Program (SLP) project of the DSWD. The tour was participated by almost 30 individuals from the different offices of the Provincial Government of Cavite, DepEd, DSWD IV-A and the LGUs of Magallanes and Alfonso.-- **PICAD**

# EDITORYAL

## Hindi lamang sa mga guro

**HUNYO 3 ang pagbubukas ng klase sa mga pampublikong paaralan, public elementary at high school.**

**Batay ito sa maagang anunsuyo ng Department of Education na nakasaad sa DepEd memorandum na may petsang April 22.**

**Sa Abril 3, 2020 naman ang pagsasara o pagtatapos ng klase.**

**Ang mga pribadong paaralan ay maaaring hindi sundin ang naturang memorandum dahil mayroong batas na nagtatakda sa private schools hinggil sa pagbubukas ng kanilang mga klase.**

**Ang punto rito, public o private man ay napakahalaga ng ginagampanang papel ng bawat magulang o ang mga tumatayong guardian ng mga mag-aaral.**

**Hindi lamang sa mga guro dapat iasa ang pagtatamo ng tamang edukasyon ng bawat estudyante.**

ADVERTISING RATES

**COMMERCIAL** --------- P200/col.cm
**LEGAL/NOTICES** ----- P160/col.cm

HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/Editor-in-Chief*

**JUNE BILLONES**
*Managing Editor*

**JOJO DEMETILLA**
*Advertising Manager*

**MARLON BAGUS**
*Associate Editor*

Ang 'HANEP Basahin mo Ito' ay inilalathala tuwing Lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. San Sebastian, Kawit, Cavite
Contact Nos. 0977-7844136/ 0929-8127638
Email: **ronejed@yahoo.com/ HanepPublication@yahoo.com**

PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

*Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.* papi

# MGA HEALTH WORKERS SA CALABARZON, SINANAY SA PAGTUROK NG INSULIN

**SUMAILALIM ang may 120 na mga health workers mula sa CALABARZON (Cavite Laguna Batangas Rizal Quezon) ng pagsasanay ng Department of Heath (DOH) para sa tamang pagturok ng Insulin sa mga pasyenteng may sakit na diabetes.**


Ayon kay DOH-CALABARZON Regional Director Eduado Janairo, ang mga health workers ang mga first line responders sa mga Rural Health Units (RHUs) na siyang takbuhan ng mga pasyenteng may sakit na diabetes kaya nararapat lamang na matuto ang mga ito sa tamang pagturok ng Insulin.

"We need to provide our health workers who are the first line responders at the Rural Health Units (RHUs) the proper knowledge in insulin administration to avoid delays in the treatment and management of diabetic patients who resides in the provinces," ayon kay Janairo.

Ayon sa datos ng Philippine Society of Endocrinology Diabetes and Metabolism (PSEDM), noong taon 2016 ay mayroon 3.5 million na mga adults ang may diabetes, 1.8 million dito ay undiagnosed at mula sa numerong iton, 65.6% na mga Filipinong babae ay obese.

Paliwanang pa ni Janairo na ang diabetes ang pang-lima sa nangungunang pabigat na sakit sa bansa kung saan gumagastos ang pamahalaan ng P20.4 billion para sa paggagamot at mga kumplikasyon nito o P295 thousand annually/pasyente at mababawasan ito sa blood glucose control gamit ang insulin.

Kabilang ang mga Nurses, provincial and municipal health officers, noncommunicable disease (NCD) coordinators mula sa iba't ibang probincsiya ng rehiyon ang matagumpay na pumasa sa pagsasanay. **GENE ADSUARA**



Ms. Jeanette N. Atienza, Head of DOH CALABARZON Health Promotion Unit, shows the proper way of injecting an insulin pen at the appropriate injection site during the return demonstration activity held on the second day of training. **BOY NAMORA**

# Calabarzon economy grows 7.3% in 2018, fastest in 6 years

**MALVAR, Batangas —** The economy of Calabarzon (Region 4A) grew at 7.3 percent in 2018, the fastest in six years, the Philippine Statistics Authority (PSA) reported.

PSA-Calabarzon Regional Director Charito Armonia said the acceleration was brought about by the faster growth of Industry and Services, as well as the turn-around performance of Agriculture, Hunting, Forestry and Fishing (AHFF).

The Calabarzon region is second in terms of the largest share of the country's Gross Domestic Product (GDP) at 17 percent.

In the GDP growth rate of 6.2 percent in 2018, National Capital Region contributed the most with 1.8 percentage points, followed by Calabarzon with 1.2 percent.

Among the three major economic sectors, Industry continued to account for the largest share at 62.3 percent of the region's economy; followed by Services with 32.9 percent share. AHFF had the least share of 4.8 percent.

Industry grew at a faster pace with 7.9 percent in 2018, from 7.8 percent in 2017. It was mainly driven by the upswing of the Manufacturing sub-industry to 8 percent growth from the 7.4 percent growth in the previous year.

Construction also contributed to the upward trend in Industry, recording a growth of 9.5 percent, although slower than the 15.6 percent growth in 2017.

Electricity, Gas and Water Supply posted a faster growth of 3.9 percent in 2018 from 3.4 percent in 2017. Mining and Quarrying accelerated to 3.5 percent in 2018 from 1 percent in 2017.

Out of the 7.3 percent growth of the region in 2018, Industry remained the biggest contributor of 4.9 percentage points followed by Services with 2.4 percentage points, while AHFF contributed the least with 0.03 percentage point. ***(Maroe T. Geñosa/ PNA)***

# IRR ng Expanded Maternity Leave Law, nilagdaan na

**LUNGSOD NG SAN FERNANDO, Pampanga (PIA)** — Nilagdaan nitong Miyerkules ng mga opisyal ng Department of Labor and Employment, Civil Service Commission o CSC at Social Security System o SSS ang Implementing Rules and Regulations o IRR ng Expanded Maternity Leave Law.

Sa ilalim ng nasabing batas na nilagdaan ni Pangulong Rodrigo Duterte noong Pebrero, may hanggang 105-day maternity leave ang mga ina mula sa pampubliko at pribadong sektor at may opsyon na i-extend ito hanggang 30 araw na walang bayad.

Ayon kay CSC Chairperson Alicia dela Rosa-Bala, bukod dito, may karagdagang 15 araw na leave para sa mga solo mothers o katumbas ng 120 araw.

Bahagi rin aniya nito ang probisyon na ilipat sa ama ng sanggol ang pitong araw na leave kahit hindi siya kasal sa ina.

Sinabi naman ni SSS President and Chief Executive Officer Aurora Ignacio, sa kabila ng posibilidad na makaranas ng downtime ang mga pribadong kumpanya dahil sa haba ng nasabing leave, pinagtibay ang batas upang mabigyan ng sapat na panahon ang inang maalagaan ang kanyang sanggol.

Isa aniya itong proteksyon sa karapatan ng kababaihan na dapat maunawaan ng mga kumpanya at isang holistic approach upang mapabuti ang pamumuhay ng mga kababaihan, kanilang mga anak at mga pamilya.

Sinabi rin ni Ignacio na paraan ito upang ganap na makapagpalakas ang mga ina at maitaguyod ang pagpapasuso.

Naging epektibo ang nasabing batas noong Marso 11. Nangangahulugan ito na ang mga nanganak simula sa araw na iyon ay sakop ng nasabing benepisyo. **(CLJD/MJLS-PIA 3)**

# 400 new scholars to benefit from OWWA

**QUEZON CITY (PIA)—** Some 400 new scholars will benefit from the Overseas Workers Welfare Administration's Education for Development Scholarship Program (EDSP) this coming school year.

OWWA Administrator Hans Leo J. Cacdac said the scholarship grants are meant for children of overseas Filipino workers (OFWs) who have passed pre-qualifying examination administered by the Department of Science and Technology-Science Education Institute (DOST-SEI).

Eighty-four of the new EDSP scholars came from Region IV-A while the National Capital Region and Region III has 46 each.

Meanwhile, Middle East-based qualifiers from Al Khobar and Riyadh have 21 passers each.

Other qualifiers come from the following regions according to the number of passers: Region VI (43), Region VII (33), Region V (32), Region X (13), Region XI (12), Region XII (10), Regions I and II (9), CAR and Region IX (6), Region IV-B (4), Region VIII (3) and CARAGA with two grantees.

Top and second ranks went to Mark Edward Miranda Gonzales and Eden Jomari Ceniza Cesista, respectively. Both finished their high school in Riyadh. Kingdom of Saudi Arabia although their registered address is Metro Manila.

"I just hope that our new scholars will do their part of this benefit package by being diligent and focused so they would remain as scholars up to the time they finish the course. Their parents have done their part when they became active OWWA members," Cacdac said.

The EDSP is OWWA's educational assistance program for dependents of active OWWA members who wish to enroll in any four- or five-year baccalaureate program.

It is competitive in nature, requiring all the applicants to be included in the top 400 of the roster who passed the pre-qualifying examination administered by the Department of Science and Technology-Science Education Institute (DOST-SEI). An EDSP scholar is granted P60, 000 per school year.

Inquiries can be directed to OWWA Regional Welfare Offices or contact Hotline 1348. **(PIA Info-Comm/OWWA)**

# 5 'Dorobo' kalaboso

**NABUKING** ang itinagong thermo plastic fixrure wire sa loob ng compartment ng sasakyan nang tangkang ipuslit ng limang kalalakihan sa Tagaytay City.

Nakakulong sa Tagaytay City Police Station at sinampahan ng kasong theft ang mga naarestong suspek na sina Noel David, 45, may-asawa, electrician, ng 937 Brgy. Commonwealth, Quezon City; Jimuel Fernandez, 20, binata, helper, ng Cavinti Laguna; Felipe Oblepias y Valonga, single, 21, ng Cavinti, Laguna; Romnick Hernadez, 22, helper, ng Brgy. Sumukab, Cavinti, Laguna; at Rogelio Ebuesa, 42, driver, ng 30 Basa St., Brgy. Paltoc, San Francisco, Del Monte, Quezon City, dahil sa reklamo ng Highland Prime Condominium Owner Association Inc.

Sa ulat ni PMSg Jude Legaspi Camitan, ng Tagaytay City Police Station, dakong alas-9:00 ng gabi nang nabuking ang limang suspek nang tinangkang ipuslit ang mga thermo plastic wire sa gate ng Woodridge Village Tagaytay Highlands sa Brgy Calabuso, Tagaytay City.

Nagbabantay sa gate si Mardy Mercado, security guard ng High Land Prime Condominium, nang papalabas ang mga suspek sakay ng isang Hyundai na mga plakang PIV 347.

Nang pinabuksan ang compartment ng sasakyan ay bumulaga sa kanya ang tinatayang 12 kilos na mga thermo plastic fixture wire na nagkakahalaga ng P20,000 at nang hingan ng gate pass ay wala silang naipakita dahilan upang bitibitin ang mga suspek sa pulisya.

Nabatid na ang nasabing mga fixture wire ay pag-aari ng Highlands Prime Condominium Community Owners Association Inc. **GENE ADSUARA**

# PROFESSIONAL SHARED WORK SPACE OFFERED IN CAVITE

**IMUS CITY, Cavite — A shared working space concept might work for micro, small to medium businesses, including freelance professionals and students needing a quiet, presentable and equipped workstation but do not have the means yet to pay for the overhead cost.**

City Work Spaces (CSW), a 90-square-meter office space with four rooms, storage area and hallway located at this city's busy side, is offering shared office spaces for a minimal cost.

"We collaborate to achieve," said CWS operations manager Maricris Ansagay on Wednesday, noting the business concept was coined to help individuals or companies who are just starting up to build up their businesses and limit their overhead cost.

As co-founder of Caviteñaraketeras, a group of freelance businesswomen and service providers who sell "everything under the sun," Ansagay knows that the "struggle is real" in finding a professional work environ to conduct client dealings and do the product presentations and calls.

Aside from the shared spaces, CSW is also a one-stop business center with shared services like photocopy, print, scan, fax, and storage rental. For that important client meeting or business presentation, CWS also has separated private rooms and a spacious training hall, "to help them ink that important deal."

CSW also offers business retooling seminars or do collaborative events with its clients to further boost their businesses.

Conveniently located near convenience store, banks, fast food chains, public market, transport terminal, and government offices at the DCR Center, Emilio Aguinaldo Highway here, CSW's interiors boast of a relaxing, professional ambience where its work spaces are set up "just like a normal work station, minus the cubicles to surround you."

It shies away from the café set up "where it becomes too relaxing to accomplish anything," but have comfortable office tables and chairs to help its clients to comfortably accomplish its tasks." ***(Gladys Pino-PNA)***




**LIBU-LIBONG** mangagawang Pilipino ang lumahok sa malawakang kilos protesta sa Araw ng Paggawa (Labor Day) nitong Mayo 1. Umento sa sahod at pagtangal ng 'Endo' o 'kontraktwalisasyon' ang panawagan nila sa administrasyon ni Pangulong Rodrigo Duterte. **(Christian Heramis)**




# CONGRESSMAN ATONG ASILO MULING IBALIK!

**SA MULING PAGBABALIK** ni **Congressman Atong Asilo** sa Distrito 1 ng Tondo, Maynila higit na malasakit ang kanyang ibibigay sa mga naninrahan sa Tondo.

Mga karanasan at katapatan, nagsimula sa Barangayan, labing pitong (17) taong nanilbihan sa Barangay bilang Chairman at Kagawad, anim na (6) na taong Konsehal ng Maynila, siyam (9) na taong Congressman ng Tondo. Anak ng Tindera sa Pritil Market, asawa ng isang Public Teacher at huwarang public sevant na walang bahid ng katiwalian.

Mga plataforma ni Congressman Asilo, Muling ibabalik ang Scholarship Program sa kolehiyo para sa mga kabataan ng Tondo (Dapat walang bata sa lansangan Project)

Pagpapatuloy ng naantalang pagpapatayo ng City College of Manila (UDM) Tondo campus sa District 1, Pagbabatas ng programang mabigyan ang mga Senior Citizen na may

Edad na 80,85 ,90, 95 at 100 ng insentibong halaga na P10,000 P20,000 P40,000 P50,000 pesos.

Ibabalik muli ang nawalang Senior Citizen Birthday Gift Program na may karagdagang pang halaga taon-taon.

Pagpapanumbalik muli ng trabaho sa mha mahirap na mamamayan ng Tondo sa pamamagitan ng TUPAD. Cash for Work at Livehood Programs.

Pagpapatayo pa ng karagdagangPublic Condominiums naipagawang Vitas Public Condominium) sa ilalim ng on-site housing program.

Pagpapataas sa suweldo ng mga Public School Teachers.

Mga natatanging proyektong naisagawa na ni Cong. Atong Asilo.

**EDUCATONAL PROGRAM**

NAGPATAYO ng apat (4) na palapag ng Tondo Annex Building sa Unibersidad de Manila (UDM) na dating City College of Manla (CCM) Tondo Annex.

Nagpatayo ng sentrong gusali ng Alternative Learning System (ALS) na nasa Jose Rizal Elementary School.

Nagpatayo ngmga gusali at silid aralan sa mga eskwelahang: Manuel L. Quezon, Magat Salamat, Isabon, elo Delos Reyes, Teodoro R. Yangco, Amado Hernandez, Emilio Jacinto T. Paez,Jose Rizal, Jose Corazon, Vicente Lim High School:. Tondo High School, Pagpapapaaral sa mahigit 15,000 Student Schcolars sa kolehiyo.

**SENIOR CITIZEN PROGRAM**

Labs ko si LOLO, Labs ko si LOLA program para sa mga Senor Citizen sa Tondo. Ang programa tuloy tuloy na nagbibigay ng taunang financial grant sa mga senior citizen.

**HOUSING PROGRAM**

Nagpatayo ng 240-unit, apat (4) na gusali na de Sunomay limang (5) palapag na Vitas Public Condominium sa dating Tenament Bldg.

Pagbibigay ng tirahan sa mga informal settlers,

**INFRASTRUCTURE /FLOOD CONTROL PROJECTS**

Nagpagawa ng P100M North Bay Blvd. Bridge, North Bay Bay Blvd. Buendia, Dagupan, Capulong, Delpan/ Zaragoza, J. Luna, Herbosa, Inocencio, Moriones, Parola, R-10, Recto, Rodriguez, Velasquez, at Vitas, Estero dela Reyna at Estero de Vitas, Estero de Sunog Apog.

**SPORTS PROGRAM**

Rehabilitasyon at pagsasaayos ng Tondo Sports Complex na nakakahalaga ng P30million.

Nagpatayo ng pitong (7) Baskeball Covered Court sa Tondo.

**HEALTH PROGRAM**

Nagpatayo ng apat (4) Health Center: Velazquez, Dagupan, Herbosa at Vitas Health Center

Medical Assistance sa mga national hospitals na katulad ng San Lazaro Hospital, Tondo Medical Hospital, Jose Reyes, PGH, Fabellea Hospital, Ntional Kidney Transplant Institute (NKTI), National Orthopedic Hospital, Lung Center at Philippine Heart Center

**SOCIAL SERVICES PROGRAM**

Libreng pagpapagamit ng ambulansya sa mga nangangailangan

Libreng pagpapalibing, sasakyan at P2,000 pesos burial assistance sa mga namatayan

Pagdonate ng makabagong **CREMATORIUM** sa North Cementary para libreng ma avail ng mga taga tondo

Pagkakaloob ng Multicabs sa mga Barangay sa Tondo at Police Stations sa Maynila

Pagpapatubig sa buong **ISLA PUTING BATO**

Pagkakaloob at pagpapahiram ng libreng clown,

Tarpaulin, silya, mesa at sounds system sa mga batang may kaarawan

Pagpapapagamit ng tent at portable swimming pool

Pagpapatupad ng "libreng Sakay" sa mga taga Tondo tuwing undas

Nangunguna sa taunang motorcade laban sa pinagbabawal na paputok tuwing bagong taon.

**ANG LAHAT NA NAGAWA NI CONGRESSMAN ATONG ASILO NG SIYA AY NASA PUWESTO.**

Congressman Asilo Higit na Malasakit sa muling pagbabalik!

# BAGONG DAKAK GOLF COURSE KAKAIBA SA MUNDO NG GOLF

**Ang Dakak Golf Club, isang apat na taong proyektong dinisenyo ni Greg Norman at ng Cope Design Group, ay matatapos na. Ang bagong par-72 course ay may maraming katangiang kakaiba sa mundo ng golf. Ito ay labis na ikunatuwa nila Dakak Golf Chairman Cesar Jalosjos at Dakak Golf President Rick Gibson.**

"Masayang-masaya kami sa ikinalabasan ng proyekto," sabi ni Jalosjos. "Hindi ninyo malilimutan ang karanasan ninyo kapag nasubukan ninyong maglaro sa Dakak."

Ilang kilometro ng bagong sementadong daan ay naghahatid sa mga manlalaro sa Dakak Golf at sa kakambal nitong resort. Makapigil-hiningang tanawin ang bumabalot sa buong lugar sa 50 ektarya ng course.

"Halos lahat ng makikita ninyo ay natatangi," paliwanag ni Gibson, isang dating Asian Tour champion na nangangasiwa sa pagtatapos ng development. "Una sa lahat, 1.9 milya ng karagatan ay bahagi ng course, daig ang 1.6 milya na rekord ng Pebble Beach."

Tatlong taon nang nalalaruan ang front nine ng course. Nilalatag na ang damo sa back nine. Ganap nang malalaruan ang Dakak Golf sa Nobyembre. Kasama rito ang driving range na iilawan upang malaruan sa gabi.


"Inihahanda na namin ang 7Dakak Golf Academy sa sarili nitong Par 3 course sa loob ng driving range, at inaasahan naming matatapos ito sa Hunyo," dagdag ni Gibson. "Walang katulad sa Pilipinas ang kalalabasan nito.

May tatlong par 3, tatlong par 4, at tatlong par 5 ang front nine at back nine ng golf course, at maraming hamon ang haharapin ng sinumang maglalaro doon.






**TOPS GUEST -** Si Clianna Patricia Pia Gabriel "Princess of Philippine Motocross" na bisita sa TOPS Usapang Sports sa NPC Intramuros Manila ay nag hayag ng mga nakaraang mga nilahukan nkumpetisyon sa larangan ng Motor Cross maging ito man ay International o local na tagisan ay maraming karanasan na hindi makakalimutan tulad na lamang ng bansagan itong "Princess of Philippine Motocross" ng tanyag na organizer ng isang kumpetisyon. naaliw naman sa mga paliwanag ni Pia ang pangulo ng TOPS na si Ed Andaya, kasama din sa larawan ang kapatid ni Pia na isa din sa mahusay sa motor cross si Clifford "ompong" Gabriel "Dangerboy of Philippine Motorcross. **(RGN)**



**SMB VS MAGNOLIA PBA FINALS -** KARAMBOLA - Nakawala ang bola mula kay San Miguel Beer center Christian Standhardinger makaraang mag unahan sa pag agawan ang mag kakamping sina Rafi Reavis, Jio Jalalon at Marc Barroca bahagi lamang ito ng maaksyong laro sa 2019 PBA Philippine Cup finals best of seven series sa Araneta Coliseum na unang nakamit ang panalo ng Hotshots sa Beermen. **(RGN)**

# Hong Kong at China Wagi sa 2019 Subic Bay International Triathlon

**BUKOD** tanging ang dayuhan na sina Oscar Coggins ng Hong Kong at Mengying Zhong ng China ang nagwagi sa men's at women's elite standard distance event ng 2019 Subic Bay International Triathlon.

Una dito si Coggins ay tumapos ng 1.5 km na paglangoy, 40 km bike at 10 km run sa 1:49:20 na naging daan upang makamtan ang gintong medalya at talunin ang highly-touted Jumpei Furuya ng Japan.

Matatandaan na si Furuya, na isang gold medalist sa Asian Games noong nakaraang taon, ay nagkamit ng silver matapos ang pagtawid sa linya sa 1:49:30, 15 segundo bago ang kababayan na si Takumi Hojo, na pumasok sa ikatlo.

Kaugnay nito, tinapos naman ni Zhong sa 2:04:17 upang mamuno sa panig ng mga kababaihan, bago matapos ni Aoi Kuramoto ng Japan (2:04:41) at Yurie Kato (2:05:32), na nakuha ang silver at bronze medals, ayon sa pagkakabanggit.

Pinalakas siya ni Zhong upang maabutan ang mga pinuno at kunin ang tagumpay. Ginampanan naman sa awarding ceremony ni TRAP TRIATHLON Association Of the PHILIPPINES President Tomas Carrasco. **GRACE NILLAMA**



**STARTING SWIMMING MALE ELITE -** UNAHAN sa pag lusong ang mga magkakatunggali sa Swimming ang mga kalahok na kalalakihan kung saan unang nakatapos sa over all bike at run si Oscar Coggins ng Hong Kong na may total time na 1:49:20 sa nilahukan na Male Elite Standard NTT ASTC Subic Bay International Triathlon 2019 sa Subic Bay Freeport. **(RGN)**

# Gintong Medalya sa Siklistang Pinoy

Suportahan natin ang Gold for Gold Philippine cycling team habang sila ay naghahanda para sa titulong Asian Cycling Championships men's juniors race —na kung saan ito ay kasalukuyan ng pinaghahandaan

Ang koponan sa juniors ay binubuo nila Marc Ryan Mendoza Lago, Efren Reyes, Jr. at Ean Cajucom. Sila ay under sa pagiging coach ni Edz Hualda.

Ang karera ay magiging 105.6 kilometro distansiya Inaasahan na ang magandang panahon ay magpapatuloy ang pagsasanay sa gitna ng patuloy na mainit ng panahon ' na ang mga kalalakihan ay maaring makipag tagisan sa mga pinakamagaling sa Asia.

Ang karera ng Juniors ay kasalukuyan ng ginaganap habang ang under-23 team ng Daniel Ven Carino, Jay Lucero at Joshua Mari Bonifacio ay haharap sa mga susunod na araw **(GRACE NILLAMA)**

# KINUYOG NG MAG-AAMA, BINATA 'TSUGI' SA GULPI

**PATAY ang isang 49-anyos na binata nang pagtulungan gulpihin ng mag-aama dahil sa dati ng alitan ng una at isa sa mga suspek sa Gen. Trias City, Cavite.**

Namatay habang ginagamot sa Las Pinas District Hospital ang biktimang si Roberto Cabrera, ng Brgy San Juan 1 Gen. Trias City, dahil sa matinding bugbog sa katawan.

Arestado naman ang mag-aama na sina Eduardo Cenizal, 45, electrician at mga anak na sina Gerald , 23, at John Michael Cenizal, 19, pawang residente ng Brgy. San Juan 1, Gen. Trias City.

Sa ulat ni PSSg Christopher Dumlao, ng Gen. Trias City Police Station, dakong alas-3:30 ng hapon nang naganap ang insidente sa naturang barangay.

Nauna rito, nag-iinuman ang biktima at ilang kaibigan sa harapan ng kanilang bahay nang nakita si Eduardo at bumalik sa kanyang ala-ala ang dati nilang alitan at dahil nakainum ay nagparinig ito ng maanghang na salita na ikinagalit ng suspek na nauwi sa suntukan.

Nakita ng magkapatid na Cenizal ang pagsusuntukan ng kanilang ama at biktima kaya sumaklolo,

Pinagtulungang gulpihin ang biktima at tumigil lamang ito nang napansin lantang gulay na.

Isinugod ang biktima sa ospital subalit namatay ito habang ginagamot habang ang mag-aama ay naaresto sa isinagawang follow up operation ng Gen. Tri police.

Naharap sa kaukulang kaso ang mag-aama. **GENE ADSUARA**

# Panukalang batas para sa suweldo ng SK, suportado ng Sangguniang Panlungsod ng Puerto Princesa

**PUERTO PRINCESA, Palawan (PIA) —** Isinusulong ng Sangguniang Panlungsod ng Puerto Princesa na hilingin sa pamahalaang nasyunal na mabigyan ng sahod ang mga opisyales ng Sangguniang Kabataan (SK).

Kung kaya naman suportado ng mga ito isinusulong na panukalang batas sa Senado na magbibigay ng "allowance" sa mga SK na makakaagapay sa mga ito sa pangangailangan ng kanilang pamilya.

Ito ay sa pamamagitan ng inaprubahang resolusyon ng konseho na iniakda naman ng pangulo ng SK Federation sa lungsod na si Myka Mabelle Magbanua, na nag-a-amyenda sa Republic Act 10742 o ang Sangguniang Kabataan Reform Act of 2015.

Ani Magbanua, mahalaga ang ginagampanang tungkulin ng mga opisyales ng SK kung naya nararapat lamang na mabigyan ng karampatang kabayaran ang mga ito, na siya rin ngayong isinusulong ng pamahalaang nasyunal.

Nasasaad aniya sa panukalang batas na nararapat lamang mabigyan ng sahod ang mga ito upang maiwasan ang korapsyon sa mga nanunungkulang kabataan sapagkat hindi na matutukso ang mga ito na gumawa ng iligalidad para lamang sa pagmumulan ng kanilang ikabubuhay.

Mayroong 660 na mga opisyales ng SK ang siyudad, kabilang na ang mga chairperson, ingat-yaman at kalihim, kung saan sa ilalim ng kaniyang panukalang ordinansa ay magkaroon ng PhP3,000 na kabayaran kada buwan, maliban sa SK chairperson na tumatanggap na mula sa barangay na kanilang pinaglilingkuran.

Hihintayin pa rin ni Magbanua ang gagawing pag-aaral dito ng City Budget Office kung kakayanin ang hinihiling nitong mailaang pondo. **(LBD/PIAMIMAROPA-Palawan)**

# Pag-IBIG Fund nagbabala sa publiko hinggil sa pekeng FB account

**LUNGSOD NG DAGUPA (PIA)** — Pinag-iingat ng Pag-IBIG Fund-Dagupan Branch ang publiko hinggil sa pekeng Facebook account na nagpapanggap na konektado sa ahensya at gumagamit sa pangalan at logo nito.

Ayon kay Corina Joyce Calaguin, information officer ng Pag-IBIG Fund-Dagupan Branch, may nilikha na Facebook page na may user name na "Pag-Ibig Funds Housing Loan" at umano'y nagpapamigay ng libreng "house and lot" sa pamamagitan ng raffle.

Ani Calaguin, "Ito ay hindi awtorisado o kinikilala ng Pag-IBIG Fund."

Payo nito sa mga miyembro ng Pag-IBIG Fund na huwag magpaloko dahil wala umanong ganitong ongoing na raffle promo ang ahensya.

Pinaalalahanan din ni Calaguin ang publiko na iwasang makipag-transaksyon sa nasabing pekeng Facebook account at sa mga hindi awtorisadong website at blog, at kung may kailangan sa ahensya ay magtungo na lamang sa tanggapan nito.

Aniya, "Ang Pag-IBIG Fund ay naglalathala lamang ng pa-raffle o promo para sa aming mga miyembro gamit ang aming opisyal na website (www.pagibigfund.gov.ph)o opisyal na Facebook account (facebook.com/PagIBIGFundOfficialPage)."

Sinabi nito na may tsek sa tabi ng pangalan ng Pag-IBIG Fund na magpapatunay na ito ay kinikilala ng Facebook bilang tunay at opisyal na FB page ng Pag-IBIG Fund.

Hinikayat ng Pag-IBIG Fund ang publiko na pigilan ang pagkalat sa social media ng mga maling impormasyon gamit ang nabanggit na pekeng Facebook page.

"Tulungan ninyo kaming sugpuin ang iligal na gawaing ito. I-report ang mga pekeng website, blog o FB page sa Pag-IBIG hotline, 724-42-44," ani Calaguin. **(AMB/PIA Pangasinan)**

# Oversight body looks into solutions vs. power outages

**MANILA —** The Joint Congressional Power Commission on Thursday convened a public hearing to find solutions to address the recent spate of power outages in Luzon.

The hearing, which was called to order on the heels of the simultaneous power plant shutdowns, was presided by Senate committee on energy chair Sherwin Gatchalian and his House counterpart, Marinduque Rep. Lord Allan Jay Velasco.

Gatchalian said the oversight body would determine the timetable of solutions to prevent another series of brownouts.

Department of Energy Secretary Alfonso Cusi said the agency has been building capacity, noting that it is working to increase the power grid's contingency reserve to 25 percent to cover peak demand in the power system.

"We have been building capacity. We have been encouraging business investors in the energy sector," Cusi said.

Cusi said the agency is also seeking more investments in merchant power plants to further spur competition in the electricity spot market.

Cusi said the government was able to successfully sign a memorandum of understanding with China for several merchant plants to be set up in the Philippines.

"They are looking at 600 to 1,200 merchant plants in the country. Instead of giving us a grant, (they would have to) find an investor that would put up a merchant plant. We were able to successfully convince them and it is already in process. It would help us build capacity," Cusi said.

Aside from building capacity, Cusi also stressed the need to revisit the Electric Power Industry Reform Act (EPIRA) law. ***(PNA)***

## BUHAY-KARERA

MARLON BAGUS
0999-7060160
email: champ22mb@gmail.com



### SUPER HAPI- PCSO 3YO STAKES RACE

